RHA
Executive Director
Hilary Lopez, PhD.

Reno Housing Authority, 1525 East 9th Street, Reno, NV 89512
775.786.1712 Fax 385.770.7166 TDD
775.329.3630 RenoHA.org

# PAGPAPAKITA NG TULONG SA PAG-UPA (RAD)
## PAUNAWA SA PANGKALAHATANG IMPORMASYON (GIN)

Ang pag-aari na kasalukuyan mong inookupahan ay iminungkahi para sa pakikilahok sa programa ng Pagpapakita ng Tulong sa Pagrenta (Rental Assistance Demonstration, RAD) ng Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development, HUD). Sa oras na ito, inaasahan namin na ang iminungkahing rehabilitasyon, ay maaaring kailanganin kang pansamantalang lumipat mula sa iyong unit. Magbibigay kami ng mga karagdagang detalye sa iyo habang nabuo ang mga plano. **Ang abisong ito ay hindi nangangahulugan na kailangan mong umalis sa pag-aari mo sa oras na ito. Hindi ito abiso ng pagiging kwalipikado para sa tulong sa relokasyon.** Ang natitira sa liham na ito ay nalalapat lamang sa mga sitwasyon kung saan kakailanganin mong lumipat mula sa iyong unit.

Ang abisong ito ay nagsisilbi upang ipaalam sa iyo ang mga potensyal na Karapatan mo sa ilalim ng programa ng RAD at isang pederal na batas na kilala bilang Magkakaparehong Tulong sa Relokasyon (Uniform Relocation Assistance, URA) at Batas sa Patakaran sa Pagkuha ng Tunay na Pag-aari. Kung ang iminungkahing proyekto ng RAD ay nakatanggap ng pag-apruba ng HUD at kung ikaw ay permanenteng naalis bilang isang resulta, maaari kang maging kwalipikado para sa tulong sa relokasyon at mga bayad sa ilalim ng URA, kabilang ang:

1) Mga serbisyo sa pagpapayo sa relokasyon na kinabibilangan ng mga referral sa mga kapalit na pag-aari, tulong sa paghahain ng mga pag-angkin sa pagbabayad at iba pang kinakailangang tulong para matulungan kang matagumpay na lumipat;
2) Hindi bababa sa 90 araw na maagang nakasulat na abiso sa petsa na kakailanganin mong lumipat;
3) Bayad para sa mga gastos sa paglipat; at
4) Mga pagbabayad para makapag-upa ka ng katulad na kapalit na bahay.

TANDAAN: Ang mga dayuhan na hindi legal na naroroon sa Estados Unidos ay hindi kwalipikado para sa tulong sa relokasyon ng URA, maliban kung ang gayong hindi pagiging kwalipikado ay magreresulta sa pambihira at lubhang hindi pangkaraniwang paghihirap sa isang kwalipikadong asawa, magulang, o anak gaya ng tinukoy sa 49 CFR 24.208(h). Ang lahat ng taong humihingi ng tulong para sa relokasyon ay kailangang patunayan na sila ay isang mamamayan o nasyonal ng Estados Unidos (United States), o isang imigrante na legal na naroroon sa Estados Unidos.

Bilang residente ng isang pag-aari na kalahok sa RAD, may karapatan kang bumalik sa proyekto pagkatapos makumpleto ang proyekto. Magagawa mong mag-upa at mag-okupa ng isang unit sa na-convert sa proyekto kapag natapos na ang rehabilitasyon.

Executive Director
Hilary Lopez, PhD.



Kung ikaw ay permanenteng napaalis mula sa tahanan mo, hindi ka hihilingin na lumipat hanggang sa mabigyan ka ng hindi bababa sa 90-araw na paunang nakasulat na abiso ng anumang kinakailangang paglipat at hindi bababa sa isang maihahambing na kapalit na tirahan ay naibigay sa iyo. Kung ikaw ay pansamantalang nilipat at ang pansamantala mong relokasyon ay tumatagal ng higit sa isang taon, ikaw ay tatawagan at inaalok ng permanenteng tulong sa relokasyon bilang isang taong lumikas sa ilalim ng URA. Ang tulong na ito ay dagdag sa anumang tulong na maaari mong matanggap kaugnay ng pansamantalang relokasyon at hindi mababawasan ng halaga ng anumang pansamantalang tulong sa relokasyon na natanggap mo na.

Kung kailangan mong lumipat mula sa pag-aari sa hinaharap, aabisuhan ka sa pamamagitan ng pagsulat. Ang Reno Housing Authority (RHA) ay bibigyang-kaalaman ka sa kung anong tulong at mga pagbabayad ang kwalipikado para sa kung ikaw ay ililipat dahil sa RAD at kung paano mo matatanggap ang mga bayad na ito. Kung ikaw ay napaalis, bibigyan ka ng makatwirang tulong na kinakailangan para makumpleto at maihain ang anumang kinakailangang pag-angkin upang makatanggap ng kabayaran sa relokasyon. Kung sa palagay mo ay hindi wastong kinonsidera ang iyong pagiging kwalipikado para sa tulong, magkakaroon ka rin ng karapatang mag-apela ng pagpapasiya sa iyong pagiging kwalipikado para sa tulong sa relokasyon.

Dapat kang magpatuloy sa pagbabayad ng iyong upa at matugunan ang anumang iba pang kinakailangan na tinukoy sa iyong pag-upa. Kung mabigo ka man na gawin ito, maaaring may dahilan ang RHA para paalisin ka. Kung pipiliin mong lumipat, o kung ikaw ay pinaalis, bago makatanggap ng pormal na abiso ng pagiging kwalipikado sa relokasyon, maaari kang maging hindi kwalipikado na tumanggap ng tulong sa relokasyon. Napakahalaga para sa iyo na makipag-ugnayan sa amin bago gumawa ng anumang plano sa paglipat.

Makikipag-ugnayan kami sa iyo sa lalong madaling panahon upang mabigyan ka namin ng higit pang impormasyon tungkol sa iminungkahing proyekto. Kung maaprubahan ang proyekto, gagawin namin ang lahat ng pagsisikap para tugunan ang mga pangangailangan mo. Pansamantala, kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa aming mga plano, mangyaring makipag-ugnayan sa manager ng inyong komunidad o sa kahit sinong empleyado ng RHA. Ang serbisyo para sa relokasyon ay ipamamahagi ng kumpanyang Housing to Home. Kayo ay bibigyan ng inpormasyon kung paano ma-kokontak ang Housing to Home sa lalong madaling panahon. Ang liham na ito ay mahalaga sa iyo at dapat panatilihin.